PATOLA

Scientific Name: *Luffa cylindrical(Linn.) M. Roem*
Luffa acutangula (Linn.) Roxb.

Family: Cucurbitaceae

Ang bunga ng patola ay nakapagbibigay ng kalsyum, mineral at posporus. May dalawang uri ito ng Patolang Kastila at Katutubong patola.

Makatutubo itong mabuti sa lupang lagkit at buhaghag na mayaman sa sustansya. Maitatanim ito sa buong taon.

Paraan ng Pagtatanim

Araruhin at suyurin ang bukid nang maraming ulit. Itanim nang tuwiran sa mga tudling ang 4-5 buto sa lalim na 2.5 sentimetro nang may isang metro ang agwat sa mga tudling na isang metrong pagitan. Isagawa ito pagkatapos ng tag-ulan mula Nobyembre hanggang Enero.

Maglinang o bungkalin ang paligid ng puno ng tanim upang mabuhaghag ang lupa at matabunan ang mga ugat. Mag-alis ng damo kasabay ng pagbubungkal.

Kakailanganin ang 5-6 na kilong binhi para sa isang ektarya. Ang dumi ng hayop at compost ang pinakamurang abono. Gumamit ng 400-500 kilong abono sa bawat ektarya.

Makapag-aani na pagkaraan ng tatlong buwan.

Ang “leaf beetle” at “fruitfly” ang mapaminsalang kulisap sa patola. Magbomba ng Sevin o Malathion upang mamatay ang mga kulisap na ito.